

1

Nakaramdam ng kaba si Serena nang mapansinng tila paliit nang paliit ang kalsadang tinatahak niya. *Ganito ba kaliblib ang San Martin?*

Napakakapal ng maiitim na ulap sa kalangitan na tila nagbabadya ng malakas na ulan.

Alas cuatro na ng hapon kaya hindi imposibleng gabihin siya sa daan. Ang sabi ng napagtanungan niyang lalaki kanina, kapag nakita niya ang malaking puno ng balete sa unahan ay kumaliwa raw siya. Tama naman ang ginawa niya. Kumaliwa siya nang makita ang nabanggit na malaking puno. Nakadama pa siya ng kilabot nang tingalain niya ang punong iyon.

Bukod sa hindi sementado o aspaltado ang kalsada at matataas ang mga damo sa paligid, tila wala rin siyang nasasalubong na ibang motorista.

Pinihit niya ang centralized lock button ng kanyang *Honda Civic*. Siniguro niyang naka-lock lahat ng pinto. Hindi maganda ang pakiramdam niya sa nangyayari. Wala talagang katau-tao sa lugar na iyon.

Napakamot siya sa ulo nang makitang ilog na

ang tinutumbok niya. “Pusa!” bulalas niya nang makitang walang tulay ang may kalawakang ilog na iyon. “Paano ko matatawid ito?” Natapik niya nang malakas ang manibela dahil sa inis, pero siya na rin ang nagulat nang biglang tumunog ang busina. “Ay, pusang gala!” muling bulalas niya sa pagkabigla. Nang makahuma ay napailing siya at natawa sa sarili. Para siyang tanga.

Bumaba siya ng sasakyan para tingnan kung gaano kalalim ang ilog na iyon. Napakalinaw ng tubig. Mukha namang mababaw lang dahil kita niya ang mga bato sa ilalim ng tubig.

Inililis niya ang kanyang pantalon hanggang tuhod. Susubukan niyang tawirin iyon para masiguro niya kung safe iyon para sa kanyang sasakyan. Hindi siya dapat magsayang ng oras dahil mamaya ay kakagat na ang dilim.

Paglusong niya sa tubig ay bumulusok siya pailalim. Napasigaw siya. Lumubog siya hanggang baywang. Malalim pala ang ilog na iyon, malinaw lang ang tubig kaya nakikita ang mga bato sa ilalim.

Mabilis na umahon siya sa pampang. Kumakabog ang dibdib niya sa sobrang kaba. Hindi siya marunong

lumangoy.

Mayamaya pa ay bumuhos na ang malakas na ulan. Sinabayan iyon ng malakas na pagkulong at pagkidlat, kaya nagmadaling sumakay siya sa kotse para hindi siya mabasa nang husto.

Inilabas niya ang kanyang cellphone sa pagbabaka-sakaling may makikita siya sa phonebook na makapagtuturo sa kanya ng tamang daan patungo sa destinasyon niya. Napangiwi siya nang makitang walang signal ang aparato.

May isang oras na ang lumipas, ngunit hindi pa rin tumitigil ang ulan. Nagsisimula nang dumilim ang paligid, kaya lalong lumakas ang kanyang kaba. Nagpasya siyang bumalik na lang sa highway na pinanggalingan. Imposibleng matawid ng anumang sasakyang-panlupa ang ilog na iyon.

Binuhay niya ang makina ng kotse at nagsimulang bumuwelta, ngunit kahit anong gawin niyang pagdiin sa silinyador ay ayaw gumalaw ng sasakyan. Parang may kung anong bagay na kumalso sa mga gulong niyon.

Nagmamadali siyang umibis para tingnan kung bakit ayaw umabante ng kotse.

“Pusang gala!” nahintakutang bulalas niya nang

makitang halos nakalubog na ang kalahati ng mga gulong sa putik.

Lumambot na ang lupa dahil sa lakas ng ulan. Hinubad niya ang kanyang mga sapatos dahil naputikan na ang mga iyon. Hindi siya puwedeng maghintay na lang. Kailangan niyang humingi ng tulong para maialis ang kanyang kotse roon.

Kinuha niya ang kanyang shoulder bag at ini-lock ang kotse. Nagsimula siyang maglakad sa tanglaw ng dala niyang pen light. Kapagkuwan ay nagulat siya sa narinig na kakaibang tunog. Palaka kaya iyon o ahas? Sinikap niyang bilisan ang paglalakad, ngunit masyadong maputik ang daan. Mangiyak-ngiyak na siya sa takot.

Masasabunutan ko ang kalbong mamang iyon na nagsabing dito ang daan! inis na naisaloob ni Serena habang patuloy na naglalakad sa gitna ng malakas na pagbuhos ng ulan.

Mayamaya ay kumirot ang paa niya. Hindi niya sigurado kung tinik o matalim na bato ang tumusok doon. Nang ilawan niya ang paa ay nakita niyang dumudugo iyon.

“Ang malas naman, oo!”

Malayo pa ang highway. Ilang minuto rin niyang

tinahak ang daang iyon bago niya narating ang ilog. May isang oras na siyang naglalakad nang paika-ika, ngunit wala pa rin siyang naririnig na tunog ng sasakyan na magpapahiwatig na malapit na siya sa highway. Giniginaw na siya at ngalay na ang kanyang mga paa. Pakiwari niya ay nanghihina na ang kanyang mga tuhod sa pinaghalu-halong gutom, pagod at ginaw. Ngunit determinado siyang marating ang San Martin.

Nang nakaraang linggo ay hindi inaasahang nagkita sila ng doktor na dati nilang kapitbahay sa isang birthday party. Naikuwento nito sa kanya na nakita nito ang kanyang ama sa bayan ng San Martin. Ayon dito ay mabilis na umiwas ang kanyang ama nang mamukhaan ito. Hindi na ito nasundan ng kaibigan para kausapin dahil abala ito sa paglecture sa *Malaria Awareness Program* ng DOH nang mga sandaling iyon.

Wala siyang sinayang na sandali. Gumayak siya kaagad para magtungo sa bayan ng San Martin. Kailangan niyang matagpuan ang kanyang ama at kapatid. Ginagawa niya iyon alang-alang sa kanyang ina na sa kasalukuyan ay nakaratay sa sakit na lung cancer. Ayon sa espesyalista ay hindi na ito magtatagal. Kalat na ang cancer cells sa buong baga at iba pang bahagi ng katawan nito. Ilang araw na

lang di-umano ang ilalagi nito sa mundo.

Balita niya ay magubat sa San Martin, kaya malakas ang kutob niyang naroroon nga ang kanyang ama. Matagal itong naglingkod sa *Bureau of Forestry* bilang isang forester kaya sanay itong tumira sa kabundukan.

Sampung taong gulang pa lang siya nang iwan sila ng kanyang ama. Walong taon ang kanyang bunsong kapatid na si Joshua noon. Isang malaking palaisipan sa kanila ng kanyang ina ang biglang pag-iwan nito sa kanila dahil wala silang alam na nagawa nila para magalit ito. Tinangay pa ng ama ang kanyang nag-iisang kapatid.

Labing-limang taon na ang lumipas mula noon. Beinte-cinco años na siya ngayon. Sa loob ng mahabang panahon ay namuhay silang mag-ina na sila lang dalawa. Hindi na ito muling nag-asawa kahit marami namang nanligaw nang mapabalitang iniwan na ito ng asawa. May negosyo ang ina kaya naitaguyod nito ang pag-aaral niya. Siya na ngayon ang namamahala sa boutique.

Isa siyang fashion designer na unti-unti nang nakikilala dahil pumapatok sa mga kliyente niyang

celebrities ang mga gawa niya.

Kahit bata pa siya nang iwan ng kanyang ama ay natatandaan niya ito bilang isang masayahin at palakuwentong tao. Mahilig itong magkuwento tungkol sa mga kababalaghang nasasaksihan di-umano nito sa kagubatan. May mga ikinukuwento ito tungkol sa mga aswang, tiyanak, duwende at engkanto.

Hindi lang niya matiyak kung totoo ba ang mga iyon o kathang-isip nito para lang may maikuwento sa kanila. Ang natitiyak niya ay natanim ang mga iyon sa kanyang isip at siyang dahilan kung bakit naging matatakutin siya.

Matagal na siyang naglalakad. Nabuhayan siya ng loob nang makakita siya ng headlights ng isang sasakyan. Malapit na niyang marating ang highway!

Halos himatayin na siya sa pagod nang marating ang sementadong daan. Habol ang paghingang napasalampak siya sa gilid ng kalsada dahil sa matinding pagod. Ilang sandaling nanatili siya sa ganoong posisyon bago siya nakabawi ng lakas. Tumayo siya at nagsimulang pumara ng mga sasakyan para humingi ng tulong.

Mabibilang sa daliri ang mga sasakyang

dumaraan. Wala siyang pinalampas, lahat ay pinara niya, pero ni isa ay walang huminto para tulungan siya.

Hindi na siya nagtaka. Nakatatakot ang lugar na iyon at hindi malayong isipin ng mga dumaraan na isa siyang kawatan. Pero hindi naman siguro siya mapagkakamalang white lady dahil hindi siya nakasuot ng puti.

Napangiwi siya bigla nang maalala ang puno ng balete na nasa likuran niya. Hindi kaya natatakot ang mga tao na hintuan siya dahil nasa tapat siya ng punong iyon? Pero nasa pagpasok ng kantong iyon ang kotse niya kaya hindi siya puwedeng lumayo. Kailangan niyang maialis iyon doon.

Nagsimula siyang kilabutan nang marinig ang pag-ingit ng mga sanga niyon sa lakas ng hangin. Madilim sa naturang lugar dahil wala man lang street light. Ang ilaw lang ng mangilan-ngilang dumaraang sasakyan ang kahit papaano ay nabibigay ng liwanag sa kalsada.

May nakita uli siyang headlights. Malayo pa ay sinimulan na niya ang pagkumpas ng dalawang kamay niya. Ano kaya kung pumagitna siya sa daan? Pero masyadong mapanganib iyon. Paano kung

matakot ang driver sa kanya at sagasaan siya?

Mabilis na inilugay niya kanyang buhok para mahalatang babae siya. Mas malaki ang tsansa niyang may tumigil sa kanya kung mapapansin ng mga ito na babae ang kumakaway. At maraming nagsasabi na mas bagay sa kanya ang wet look at nakalugay na buhok.

Inayos niya ang kanyang tayo. Kailangang mapansin ng paparating na driver na sexy siya.

2

Malakas ang tugtog na nagmumula sa car stereo ni Erwin. Galing siya sa kabayanan na mahigit isang daang kilometro ang layo mula sa kanyang tinitirhan.

Nakainom siya pero hindi naman siya nagpakalasing dahil magda-drive pa siya pauwi. Tama lang ang alcohol na naipasok niya sa katawan upang pagaanin ang kanyang mood. Mabagal lang ang kanyang takbo dahil malakas ang ulan at halos hindi makita ang daan.

Malapit na siya sa kinatatakutang puno ng balete. Balitang-balita na may lumilitaw raw na babaeng nakaputi sa punong iyon lalo na kapag ganoong umuulan. Medyo kinabahan siya at di-sinasadyang napatuon ang tingin sa kinaroroonan ng puno.

Nawala bigla ang epekto ng nainom niyang alak nang may maaninag siyang imahe ng pumaparang babae sa tapat mismo ng puno. Kinusot niya ang kanyang mga mata ngunit hindi ito nawala—at pinapara talaga siya nito!

Nagmenor siya dahil ayon sa sabi-sabi ay bigla raw itong tumatawid para lituhin ang motoristang

nais nitong biktimahin. Marami nang naaksidente sa lugar na iyon at halos walang nabuhay sa mga biktima ng white lady sa puno ng balete.

Bigla niyang naalala ang bilin sa kanya ng ilang motoristang kilala niya na bumusina raw siya para magbigay ng respeto rito, kaya malayo pa siya sa babae ay sunud-sunod na pagbusina na ang ginawa niya.

Huwag kang tatawid, sasagasaan kita. Humigpit ang hawak niya sa manibela. Hindi siya nagbibiro, sasagasaan niya talaga ito kapag nagkaganoon.

Hindi niya natiis na hindi tingnan ang mukha ng babae bagaman natatakot siya nang matapat siya rito. Mukha kasing sexy ang hubog nito mula sa malayo.

Hindi puti ang suot nitong damit gaya ng inaasahan niyang makita, sa halip ay dilaw na sleeveless blouse at tight jeans. Nakita niya ang hugis ng katawan nito sa malapitan. *Good Lord! Paano ka matatakot sa white lady kung ganito kaganda at ka-sexy?*

Nilampasan niya ang babae at tiningnan sa side mirror. Halos ayaw niyang ialis ang mga mata sa babae. Nakita niyang nagpapadyak ito at napaupo na tila dismayadung-dismayado na hindi niya

hinintuan. Bigla siyang napatapak sa preno. Bakit ito nagpapadyak? Saka hindi naman ito naglaho...

Hininaan niya ang music para marinig ang tila isinisigaw nito. “Tulungan n’yo naman ako rito!”

Napapitlag siya nang marinig iyon. *Uh-oh!* Hindi ito white lady—humihingi ito ng tulong.

Pinaatras niya ang sasakyan ngunit muli siyang napapreno dahil iba naman ang pumasok sa isip niya. Paano kung kasabwat ito ng mga hold-uppers o carnappers? Ilang ang lugar na iyon kaya hindi imposibleng kawatan ang babae. Tiningnan niya itong muli sa salamin. Tumatakbo ito papalapit sa kanya, kaya mabilis siyang umabante para lampasan ito. Nakita niya mula sa side mirror na muling nagpapadyak ang babae nang makitang tila iiwan niya ito.

“Ano ba! Hindi ako masamang tao! Tulungan mo naman ako!” narinig niyang sigaw nito.

Bagaman nagtatalo ang isip ay nanaig ang awa ni Erwin para sa magandang babae. *I can’t just leave her here. She must be needing some help!*

Muli siyang umatras. Malaking sugal ang gagawin niyang iyon, pero nais niyang alamin kung ano ang ginagawa ng babaeng ito roon, soaking herself in

the heavy rain. Kailangan lang siguro niyang maging alerto.

Bumaba ang salamin ng bintana ng sasakyang nasa tapat ni Serena. Ginaw na ginaw siya at halos mapaos na sa kasisigaw.

“Puwede ko bang malaman kung bakit naman sa dami ng puwede mong tayuan ay sa tapat pa ng punong iyan ang napili mo? Diyos ko, sino’ng hihinto sa ’yo sa tapat ng puno ng balete? Mag-isip ka nga.”

Bahagya siyang napaatras nang makita ang hitsura ng lalaking nasa loob ng sasakyan. Balbas-sarado ito at mukhang punkista. May hiwa pa sa parteng hita ang suot nitong pantalong maong. Pero kailangang lakasan niya ang kanyang loob dahil baka wala nang ibang dumating para tulungan siya.

Nakita niyang nanlaki ang mga mata nito nang mapatingin sa kanyang basang-basang damit na hapit sa katawan.

Naasiwa siya sa paraan ng pagtitig nito, pero hindi na niya iyon pinansin. Ang mahalaga ngayon ay may tutulong sa kanya para makuha ang kotse

niya sa kinabalahuan niyon.

“Can you please help me, Sir? Nabalaho kasi ang kotse ko at hindi ko kayang imaniobrang mag-isa. I need another car to pull it.”

Nakita niya na tila biglang nagduda ang lalaki.

“I’m telling you the truth, Sir. Talagang nabalaho ang kotse ko and I really need your help to pull it.”

“Bakit? Nasaan ba ang kotse mo?” taas-kilay na tanong nito. Sementado ang highway na iyon kaya marahil inisip nito na imposibleng mabalaho siya roon.

“Doon, Sir!” Itinuro niya ang kantong papasok sa ilog. “Parang awa mo na, Sir. Tulungan mo ako, please.” Magkadaop ang mga palad niya sa pagsusumamo rito.

“At ano naman ang ginagawa ng kotse mo roon?” Puno na ng pagdududa ang mukha nito. Tila anumang sandali ay nakahanda na itong humarurot paalis.

“Papunta kasi ako sa San Martin, pero mali yata ang kantong napasok ko. Hindi ako masamang tao, maniwala ka.”

“Ano’ng ginagawa mo sa kantong iyan? Malayo pa rito ang kanto na papuntang San Martin at malaking

intersection iyon, hindi gaya ng pinasok mo. Papunta sa ilog 'yang tinumbok mo at mababalaho talaga ang sasakyan mo dahil hindi nalagyan ng graba ang daang iyan. Pangkalabaw lang ang daang iyan.”

Napabuga siya ng hangin. “Tama! Nasa tabing-ilog nga iyong sasakyan ko at doon nabalaho. Sabi n’ong mamang napagtanungan ko ay dito raw ako lumiko.”

Tila naawa ito sa kanya. “Iyong mamang kalbo na laging nasa waiting shed?”

Nanlaki ang mga mata ni Serena. Bakit alam nitong kalbo ang mamang nagturo sa kanya ng maling direksyon? “Hindi ko alam kung lagi siya sa waiting shed dahil ngayon lang ako napunta dito, pero tama ka. Kalbo nga siya. Kilala mo ba siya?”

Nakita niyang napangiwi ito. “Sira ang tuktok n’on. Malayo pa ang kantong papasok sa San Martin. Kung ganoon ay nabiktima ka rin pala ni Pogi.” Napailing ito.

“Ah...” Nasabunutan niya ang sarili. “Hindi siya nakakatuwa at lalong hindi siya pogi. Isa siyang—”

“Taong nasiraan ng bait dahil sa droga at naniwala ka naman sa kanya. Ang lakas mang-trip n’on,” salo nito sa sinasabi niya. Binuksan nito ang

passenger door ng sasakyan. “Halika, sumakay ka na muna at basang-basa ka na.”

Mabilis siyang tumalima. Maputik pa rin ang mga paa niya kahit na ikinaskas na niya iyon sa damuhan kanina. Pagsampa niya sa sasakyan ay naputikan ang tila kaba- vacuum lang na carpet niyon. Tumutulo rin ang tubig mula sa damit niya, kaya parang binaha ang loob ng sasakyan.

Napapangiwing tumingin siya sa estranghero. “Pasensya ka na, nabasa at naputikan itong sasakyan mo.”

Ngumiti ito nang mapakla. “Saan ka ba kasi nagtanim ng palay?”

Napatingin siya sa mukha ng lalaki. Wala bang nagtitinda ng razor sa lugar na iyon at ang kapal ng balbas nito?

Nakita marahil nitong nanginginig ang katawan niya sa ginaw, kaya mabilis nitong hinubad ang suot na jacket at iniabot sa kanya. “Isuot mo ito para hindi ka masyadong ginawin.”

“Thank you.” Tinanggap niya iyon. Napadako ang tingin niya sa t-shirt nito. May naka-print na

malalaking letra roon na nagsasabing 'I'm A Pussy'.

Hindi niya mapigilan ang mapangiti. Napakakisig ng lalaki. Ang ganda rin ng built ng katawan nito, pero nagsusuot ito ng shirt na nagpapahayag na isa itong pussy? Huwag lang sanang 'Cat Doll' ang nakasulat sa likod nito. Ang mga bading nga naman sa mga panahong ito, nagtatago na rin pati sa pagiging balbas-sarado.

“Baka puwede mong i-share sa akin kung ano ang tinatawanan mo. Malay mo matawa rin ako, di hindi ka tumatawang mag-isa diyan,” ngingiti-ngiting sabi nito.

Bigla siyang napatitig sa mukha ng kausap. Napansin pala nitong natatawa siya. Medyo amoy-alak ang lalaki kaya biglang kumabog ang dibdib niya.

“W-wala, ah. Mukha ba akong natatawa? Naiiyak nga ako, o.” Bigla ngang nangilid ang luha niya. “Can you help me get my car, Sir? Baka kasi mawala iyon doon,” pag-iiba niya sa usapan.

Napailing ito. “That would be very risky right now. Kanina pa umuulan at tiyak na hanggang tuhod na ang putik doon ngayon.”

Nadismaya sa narinig si Serena. Naroon ang mga

damit niya. Gabi na at siguradong wala na siyang mabibilhan ng maisusuot sa mga oras na iyon.

“Paano ito?” Naluluha pa ring itinuro niya ang basang-basang katawan.

“Oh, come on... don’t cry,” halatang naawang sabi nito. Mabilis na kinalkal nito ang glove compartment at nang makuha ang tissue ay iniabot sa kanya. “Easy, we can solve that. Ganito na lang... Mas malapit ang bahay ko mula rito kaysa sa San Martin na pupuntahan mo. Sa lakas ng ulan ay siguradong bukas mo pa makukuha ang sasakyan mo. Iyan ay kung titila ang ulan bukas.”

Lalo siyang kinabahan sa sinabi nito. “What do you mean, *kung* titila ang ulan? Bakit, ilang araw ba kung umulan nang ganito kalakas dito?”

“Sandali lang kung walang bagyo. Ang kaso, meron. Hindi ka ba nanood o nakinig ng news kanina?” Sinulyapan siya nito.

“Hindi,” mabilis na tugon ng dalaga habang pinapahid ng tissue ang kanyang luha.

Napatitig ito sa mukha niya. “May bagyong paparating ngayong gabi. Sana lang ay lumihis.”

“You mean, kung matutuloy ang bagyo ay baka

hindi pa natin makuha ang sasakyan ko bukas?" nadidismayang tanong niya.

Umiling ito. "Kailangang umaraw muna para mapasok ang daang iyan. Bakit ka kasi nagpapaniwala kay Pogi? Hindi mo ba napansin na may sayad sa utak iyon?"

Hindi niya talaga mapigilang maiyak sa narinig. Tinuyo niya ng tissue ang kanyang luha habang tinititigan nito na tila awang-awa sa kanya.

Muntik na siyang mapatalon sa gulat nang bigla nitong hapusin ang kanyang mukha.

"Don't touch me!" Tinabig niya ang kamay ng lalaki.

3

Nakita ni Serena na namula ang mga pisngi ng lalaki pagkatapos niyang tabigin ang kamay nito.

“Nagkalat ang tissue sa mukha mo.” Ipinakita nito ang halos tunaw nang tissue na nakuha nito sa basang mukha niya.

“I... I’m sorry, I just thought...” Napayuko siya sa hiya. “Forget it.”

“Okay lang ba sa ’yo na sumama sa bahay para mabigyan kita ng tuyong maisusuot? Kailangan mong makapagpalit ng damit para hindi ka magka-hypothermia. That is, if you trust me.”

“I don’t think I have a choice.” Natigilan siya sa nasabi. “I mean... okay,” kaagad na bawi niya.

“Di bale, pagtila ng ulan bukas ay babalikan natin ang sasakyan mo.”

“That would be so kind of you,” tugon niya.

Sumenyas ang lalaki, nagyayaya na yatang umalis kaya tumango na rin siya. Nang umusad na ang sasakyan ay napasulyap ito sa kanya. “Tagasaan ka ba? Ngayon lang kita nakita rito, so obviously,

hindi ka tagarito.”

Napangiwi siya. Hindi pa nga pala siya nakakapagpakilala rito. “Ako nga pala si Serena Aragon. Just call me ‘Serene’. Taga-Maynila talaga ako.” Iniabot niya kamay rito.

“Erwin... Erwin Mercado.” Inabot nito ang kamay niya, sabay balik ng tingin sa daan. Naramdaman niya ang kakaibang init at ginhawa nang magdaop ang mga palad nila. Napahigpit tuloy ang hawak niya, dahilan para mapasulyap ang lalaki sa kanya. “Ang kamay ko. Baka mabangga tayo.”

Parang napasong binawi niya ang kamay. *Baka isipin niyang nagpi-flirt ako sa kanya*, nakangiwing naisaloob niya. “Hindi kaya mawala ang sasakyan ko roon?” tanong niya para ibahin ang usapan.

Napangiti ito sabay iling, nakatuon pa rin ang tingin sa kalsada. “Huwag kang mag-alala, imposibleng mawala iyon dahil hindi iyon mailalabas doon. Huwag lang sanang anurin ng tubig, Serene.”

Pakiramdam niya ay nag-init hindi lang ang mukha niya kundi buong katawan. Kakaiba ang dating ng pagbigkas ni Erwin sa palayaw niya. Ngunit nang matanto ang laman ng sinabi nito ay napamulagat siya—para lang sa pagsulyap niya sa

lalaki ay makitang nakangiti ito.

“Joke lang!” sabi nito.

Maraming pasikut-sikot ang daan na tinatahak nina Serena at Erwin. Sinabi nitong malapit lang ang bahay nito, pero bakit parang nasa kagubatan na sila?

Iba na ang tinatakbo ng isip niya. Hindi na nakatiis kaya nagtanong na siya. “Akala ko ba ay malapit lang ang bahay mo? Kanina pa tayo ikot nang ikot, ah. Saan mo ba talaga ako dadalhin?”

Nalukot ang mukha ni Erwin. “Ang s’abi ko, mas malapit ang bahay ko kaysa sa San Martin,” anito na tila napikon. “Maliban na lang kung marumi ang isip mo at...” Hindi na nito itinuloy ang sasabihin.

Napahiya siya pero hindi iyon sapat para tumigil siya sa pag-uusisa. “Eh, bakit parang kagubatan na itong kinaroroonan natin?”

“Ano naman ngayon kung nasa kagubatan na tayo? Huwag mong sabihin na ngayon ka pa matatakot kung kailan malapit na tayo?”

“Para kasing walang nakatira sa paligid. Saka sa dami ng pinagdaanan ko ngayong araw, siguro ay naiintindihan mo na ang ibig kong sabihin,” sabi

niya sabay sulyap sa handle ng pinto. Pasimple niyang hinawakan iyon.

Bigla itong pumreno, sabay dukwang sa kanya kaya napasigaw siya sa gulat. Ito na mismo ang nagbukas ng pinto para sa kanya. “Kung wala kang tiwala sa akin, puwede ka nang bumaba,” taas-kilay na utos nito.

Natulala siya. Naglakbay ang kanyang imahinasyon at saka nakaramdam ng takot. Kasunod niyon ay ang pagpatak ng kanyang luha. Tama bang pababain siya nito sa gitna ng kagubatan nang wala sa oras?

“Ako na nga itong nagmamalasakit sa ’yo, ako pa itong pinagdududahan mo. Baka nakakalimutan mong talagang uuwi ako sa bahay ko, kasama ka man o hindi,” seryosong saad nito.

“Masama bang magtanong? Malay ko bang sa gubat ka pala nakatira. Dapat ay sinabi mo na kanina pa,” katuwiran niya sa garalgal na tinig.

Natawa ito sabay iling. “Paano iyan? Sa gubat talaga ako nakatira.”

Napatitig siya sa lalaki. Hindi niya nagugustuhan ang paraan ng pagngisi nito.

“Huwag mong takutin ang sarili mo, Serene. Hindi ako maniac. At hindi ko kailangang mamuwersa ng babae para lang makasama siya,” sabi nito at kumindat.

Lalong kumabog ang dibdib niya. Ano bang kamalasan itong dumating sa buhay niya?

Nakahinga nang maluwag si Serena nang sa wakas ay narating nila ang bahay ni Erwin. Halos nasa ituktok na iyon ng bundok na napapaligiran ng maraming puno.

Maayos ang bahay. Hindi iyon kalakihan pero kongkreto at pinturado. Madilim ang labas at loob ng tahanan nito. Tanging ang headlights ng sasakyan ang nagsilbing liwanag sa pag-ibis nila ng kotse.

Nanatili siyang alerto, pero nag-iingat din na huwag itong makahalata sa pagdududa niya. Alam niyang naiirita ang lalaki sa tuwing napapansin ang takot at pagdududa niya. Tila ang gusto nito ay ibigay niya ang buong tiwala rito. Paano naman niya iyon gagawin samantalang estranghero sila sa isa't isa?

Inilabas ni Erwin ang susi mula sa bulsa habang nakabuntot siya sa likuran nito. “Bubuksan ko lang ang ilaw.”

“May kuryente pala kayo rito?” nagulat na reaksyon niya. Nakita niyang may bombilya nga sa kisame sa tapat ng veranda.

“Oo naman. May baryo sa kabila lang ng bundok na ito kaya may linya ng kuryente rito.”

“Wala bang wild animals dito?”

“Wala. Aswang, meron.”

Napatalon siya at biglang napakapit sa t-shirt ng kasama nang marinig ang huling tinuran nito.

Natatawang lumingon ito sa kanya. “Takot ka sa aswang?”

Napansin niya ang likod ng t-shirt nito na kinakapitan niya. May ‘Eater’ na naka-print doon.

Kamuntik na siyang mapasigaw nang mapagdugtong niya ang nakasulat sa harap ng t-shirt at iyong nasa likod. *I’m A Pussy Eater!*

“Paano kung aswang ako at ikaw ang hapunan ko ngayon?” biglang sabi nito kaya lalo siyang ninerbyos.

Napapikit siya at nasapo ang dibdib. Ano ba ang napasok niya? Kung hindi maniac, malamang ay aswang ang lalaking nasamahan niya.

Madalas siyang kuwentuhan ng kanyang ama ng

tungkol sa mga aswang noong bata pa siya. Ayon dito ay totoo raw ang mga nilalang na iyon, kaya gusto na naman niyang maiyak sa takot.

Nang buhayin ni Erwin ang ilaw ay sinabihan siya nitong maghintay saglit at kukuha ito ng tubig para mahugasan niya ang kanyang mapuputik na paa.

Mayamaya pa ay may bitbit na itong hose. Base sa nakita niyang tangke ng tubig sa gilid ng bahay, nahulaan niya na may electric water pump roon.

Nilinis niya ang kanyang mga paa habang hawak nito ang hose. Napangiwi siya nang makita ang sugat sa kanyang paa. Nasiksikan na iyon ng putik kaya nilinis niyang mabuti.

Inabutan siya nito ng tsinelas pagkatapos—malaki iyon at panlalaki. Sigurado siyang ang binata ang may-ari niyon.

“Pasok na,” yakag nito sa kanya. Nagpatiuna na itong pumasok sa loob ng bahay.

Nanlaki ang kanyang mga mata nang makapasok. Ang sala ay punung-puno ng nakabuyangyang na paintings. Pinatutuyo marahil ang mga iyon. Paintings ng kagubatan ang mga iyon at buhay na buhay ang bawat detalye. Kung sinuman ang lumikha ng mga iyon ay isang magaling na artist.

“Mag-shower ka muna, Serene.”

Napalingon siya sa lalaki. Nakita niyang may tuwalya itong iniaabot sa kanya.

“Clean yourself up. Take as long as you want. The food must be ready when you’re done.” Nilingon nito ang kitchen upang ipahiwatig na magluluto ito ng hapunan para sa kanilang dalawa.

Gusto niya iyon dahil gutom talaga siya.

Napatingin siyang muli sa mukha ng kaharap. Maamo pala ang mga mata nito. Naisip niya, tama bang patuloy niyang takutin ang sarili gayong tila sincere naman ito sa pagtulong sa kanya?

“Come on, take a bath.” Ininguso nito ang hitsura niya. “Nasa room ko ang bathroom,” anito, itinuro ang direksyon papunta sa silid. “May *Betadine* din sa medicine cabinet. May sugat ka yata sa paa. May cabinet din doon, please grab something you can wear. Walang pambabaeng damit diyan kaya huwag ka nang maghanap ng pambabae. May mga shirts ako. Well, they’re probably too big for you, but that would be better than staying wet all night.”

Malaking lalaki si Erwin. Kung hindi siya nagkakamali ay may anim na talampakan ang taas nito, matipuno ang pangangatawan, kaya kahit hindi

pa niya nakikita ang mga damit nito ay alam niyang lalamunin siya ng mga iyon. 5'4" lang ang height niya.

“Bahala ka na diyan. Malaki ka na at alam mo naman na siguro ang gagawin. Alam kong gutom ka na, kaya magluluto na ako ng pagkain natin.”

She looked up at him with a grateful look in her eyes. “Thank you,” she mumbled under her breath. Hindi niya inaasahan na ang balbas-saradong lalaking ito ay may kabaitan palang itinatago. She grabbed the towel and headed to the bathroom.

Pumasok siya sa silid na itinuro nito. Maayos iyon, malinis din ang banyo. Hindi ganoon ang inaasahan niyang tirahan ng lalaki dahil sa hitsura nitong napaka-rugged at balbas-sarado. Mabilis na naghubad siya at tinimpla ang shower heater na naka-install sa loob ng bathroom. Naginhawaan siya nang mapaliguan ang buong katawan ng maligamgam na tubig.

Nakatapi siya ng tuwalya nang lumabas sa banyo. Binuksan niya ang built-in cabinet sa silid. Maayos na nakatupi ang mga damit ni Erwin.

Nakakita siya ang mga nakatuping shorts nito. Napangiti siya. Isinukat niya ang isa pero nalalaglag sa baywang niya kaya hinubad niya rin iyon at muling

ibinalik sa cabinet pagkatapos itupi nang maayos.

May nakita siyang underwears doon pero pulos panlalaki at nunca na hiram niya ang ganoon ka-personal na gamit ng isang estranghero—gaano man ito kaguwapo.

Nakakita siya ng loose cotton t-shirt na itim. Kinuha niya iyon at iniladlad. May naka-print sa harap niyon na ‘C’mon’. Natawa siya. *C’mon, isuot mo iyan at giniginaw ka na, Serene*, aniya sa sarili.

Nang maisuot ay nasiyahan siya. Apat na pulgada ang taas niyon mula sa kanyang mga tuhod kaya hindi na siguro mahahalata na wala siyang underwear.

Kinuha niya ang makeup kit sa kanyang shoulder bag para mag-powder ng mukha. Nadismaya siya nang makitang basang-basa rin ang laman ng bag, pati ang kanyang cellphone. Mabilis niyang inalis ang battery niyon at ipinataong sa mesa para matuyo.

Madadagdagan na naman ang tampo sa kanya ng boyfriend niyang si Jack dahil hindi siya makakatawag dito. Masama ang loob ng nobyo sa kanya nang umalis nang nakaraang gabi papunta sa Cebu para sa isang business conference. Lately kasi ay lagi itong humihirit na paminsan-minsan ay matulog daw siya sa condo unit nito. Madalas silang

More Than A Stranger - Charisse Pamela

magtalo dahil tinatanggihan niya ang ideyang iyon. Kailangan siya ng kanyang may-sakit na ina at gusto niyang pagsilbihan ito sa huling mga araw ng buhay nito. Kung hindi siya maintindihan ng nobyo ay wala siyang magagawa.